## KILALANIN KAMI

Pinoprotektahan ng Office for Civil Rights (OCR) sa U.S. Department of Health and Human Services (HHS) ang iyong mga karapatan laban sa diskriminasyon at tinitiyak na pribado, ligtas, at naa-access ang iyong impormasyon sa kalusugan.

Responsable ang OCR para sa pagpapatupad ng mga batas sa karapatang sibil na naaangkop sa mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at serbisyong pantao na nakakatanggap ng pera o iba pang tulong mula sa HHS. Ipinagbabawal ng mga batas na ito ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kapansanan, o edad. Maaari ka ring maprotektahan ng ilang batas laban sa diskriminasyon batay sa kasarian o relihiyon. Ipinapatupad din ng OCR ang mga batas na nangangalaga sa pagkapribado at ligtas ng iyong impormasyong pangkalusugan. Binibigyan ka ng mga batas na ito ng karapatan sa iyong impormasyong pangkalusugan, kabilang ang karapatan na makakuha ng kopya ng iyong impormasyon, ipawasto ang iyong impormasyong pangkalusugan upang matiyak ang katumpakan, at makakuha ng ulat sa kung kailan at bakit ibinahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa ilang partikular na layunin.


Makikita ang mas detalyadong impormasyon tungkol sa mga batas na nagbabawal sa diskriminasyon at nangangalaga ng iyong impormasyong pangkalusugan sa aming website: **www.hhs.gov/ocr**.



## ANG AMING MGA TANGGAPAN

May 10 panrehiyong tanggapan sa buong bansa ang OCR, at sinasaklaw ng bawat panrehiyong tanggapan ang partikular na mga estado at teritoryo. Maaari kang makipag-ugnay sa iyong panrehiyong tanggapan sa pamamagitan ng pagtawag sa OCR nang libre (toll-free) sa **1-800-368-1019**.

## PINAPANGALAGAAN NG




## PUNONG-TANGGAPAN

U.S. Department of Health and Human Services
Office for Civil Rights
200 Independence Avenue, S.W.
Room 515F HHH Building
Washington, DC 20201

## UPANG MALAMAN ANG HIGIT PA

Tawagan kami nang libre (toll-free) sa:
**1-800-368-1019**
TDD: **1-800-537-7697**
Padalhan kami ng email: **ocrmail@hhs.gov**


Nagbibigay kami ng tulong pang-wika para sa mga usaping nauugnay sa OCR. Maaaring makuha ng mga taong may kapansanan ang serbisyo.

**www.hhs.gov/ocr**

# OFFICE FOR CIVIL RIGHTS

## MGA PANREHIYONG TANGGAPAN ANG MGA KARAPATANG SIBIL AT PAGKAPRIBADO NG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN







## SINO ANG SINUSUPORTAHAN NAMIN

### Mga Tao

Pinoprotektahan ng OCR ang mga karapatan ng mga tao na nangangailangan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao sa pamamagitan ng pagpapatupad ng ilang batas sa karapatang pantao at pagkapribado ng impormasyong pangkalusugan.

### Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo

Sa pamamagitan ng mga programa para sa teknikal na tulong, outreach, at pagpapatupad, nakikipagtulungan ang OCR sa mga entidad upang tiyakin na sumusunod sila sa batas at malinaw na nauunawaan ang mga ligal na rekisito sa ilalim ng batas.

## PAANO KAMI NAGTATRABAHO

### Mga Reklamo at Imbestigasyon

Kung naniniwala ka na nilabag ng isang entidad ang mga karapatan sa pagkapribado ng impormasyong pangkalusugan mo (o ng ibang tao) o nadiskrimina ka, maaari kang maghain ng reklamo sa OCR. Sinusuri namin ang mga reklamo sa karapatang sibil at pagkapribado upang malaman kung nagkaroon ng diskriminasyon o paglabag ng karapatan sa pagkapribado at hihiling ng pagkilos upang iwasto ang mga problema.

### Outreach at Edukasyon

Tumutuong ang OCR sa mga organisasyon para sa kalusugan at serbisyong pantao upang maunawaan ang mga batas sa karapatang sibil at pagkapribado na dapat nilang sundin. Tinuturuan din namin ang mga komunidad tungkol sa mga karapatang sibil at mga karapatan sa pagkapribado.



## PAANO KAMI TUMUTULONG

Maaari ka naming matulungan na maunawaan ang iyong mga karapatang sibil at mga karapatan sa pagkapribado. Narito kami para tumulong kung naniniwala kang nadiskrimina ka o ang ibang tao. Iimbestigahan namin ang iyong reklamo at hihilingin ang pagkilos para iwasto ang mga problema.

### Alam Mo Ba...

- Isa ba sa iyong mga karapatan ang ma-access ang iyong mga medikal na record?
- May karapatan kang magbigay ng iyong pahintulot bago maaaring gamitin o ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa ilang partikular na layunin, tulad ng para sa marketing?
- Kung ikaw ay bingi, hirap sa pagdinig o hirap sa pagsalita at/o pag-unawa ng Ingles, kadalasang kailangan ang tulong sa pakikipag-usap - nang libre?
- Hindi naaayon sa batas na magdiskrimina laban sa mga tao batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kapansanan, edad, kasarian, at sa ilang kaso, relihiyon?
- Dapat bang sumunod ang milyun-milyong parmasya, kumpanya ng segurong pangkalusugan, ospital, klinikang pangkalusugan at nursing home sa mga Pederal na alituntunin sa pagkapribado?

Magkaroon ng kaalaman.  Alamin pa ang tungkol sa hindi pagdiskrimina at pagkapribado ng impormasyong pangkalusugan.



## SINO ANG DAPAT SUMUNOD SA BATAS

**Maaaring kabilang sa mga tagapagkaloob at organisasyon para sa pangangalagang pangkalusugan na dapat sumunod sa mga karapatang sibil at mga batas sa pagkapribado ng impormasyong pangkalusugan ang:**

- Mga tanggapan ng doktor at parmasya
- Mga ahensya ng Medicaid at Medicare
- Mga ospital, klinikang pangkalusugan, at nursing home

**Bilang karagdagan sa mga entidad na nakalista sa itaas, maaaring kailangan ding tumalima ng mga programang ito sa mga batas sa karapatang sibil:**

- Mga day care center at mga programa para sa kalusugan ng bata
- Pansamantalang Tulong para sa mga Nangangailangang Pamilya o Temporary Assistance for Needy Families (TANF na mga programa)

## PAANO MAKIPAG-UGNAY SA AMIN

Maaari kang tumawag sa OCR nang libre (toll-free) sa **1-800-368-1019** at makakuha ng mga tagubilin kung paano maghain ng reklamo sa website ng OCR at makakuha ng impormasyon kung paano makipag-ugnay sa iyong panrehiyong tanggapan.

